

Lagnat na Chikungunya

Sanhi ng Sakit

Ang lagnat na Chikungunya ay isang sakit na dulot ng virus na chikungunya na naihahawa sa pamamagitan ng kagat ng lamok. Natukoy na ang sakit na ito sa mahigit 110 bansa sa Aprika, Asya, Europa, mga bansa sa Amerika, at mga isla sa Karagatang Indiyano at Pasipiko.

Mga Sintomas ng Sakit

Ang sakit ay karaniwang may lagnat at matinding pananakit ng mga kasu-kasuan. Ang pangalang “chikungunya” ay nagmula sa wikang Kimakonde, na ang ibig sabihin ay “yumuko” o “maging baluktot,” na tumutukoy sa anyo ng mga pasyenteng nahihirapang gumalaw dahil sa pananakit ng kasu-kasuan. Ilan pang karaniwang sintomas ay pananakit ng kalamnan, sakit ng ulo, pagkahilo, matinding pagkapagod at pantal sa balat. Ang mga sintomas ay karaniwang kusang nawawala sa loob ng ilang araw, ngunit sa ilang kaso, ang pananakit ng kasu-kasuan ay maaaring tumagal ng ilang buwan o taon.

Bihira ang mga malubhang sintomas o pagkamatay dahil sa chikungunya, at ito’y karaniwang nauugnay sa iba pang kasabay na kondisyon sa kalusugan. Karamihan sa mga pasyente ay ganap na gumagaling. Paminsan-minsan, ang chikungunya virus ay maaaring magdulot ng malubhang komplikasyon sa mata, puso, o mga ugat. Ang mga bagong silang na sanggol, matatanda, at mga taong may dati nang karamdaman ay mas mataas ang panganib sa mas malubhang anyo ng sakit.

Batay sa mga datos, ang mga taong nagkaroon na ng impeksiyon ay malamang na may resistensya na at hindi na muling mahahawa.

Paraan ng Pagkalat

Ang lagnat na chikungunya ay karaniwang naihahawa sa tao sa pamamagitan ng kagat ng babaeng lamok na *Aedes* na may taglay na virus. Kapag ang isang taong may chikungunya ay nakagat ng lamok, maaaring mahawa ang lamok at pagkatapos ay maipasa ang sakit sa iba pang tao sa pamamagitan ng kagat.

Sa Hong Kong, hindi karaniwang matatagpuan ang lamok na *Aedes aegypti*, ngunit ang *Aedes albopictus*, na maaari ring magkalat ng sakit, ay karaniwang nakikita sa lugar. Ang mga lamok na ito ay nangangagat tuwing araw, at mas aktibo sa umaga at hapon.

Bagaman bihira, ang Chikungunya virus ay maaari ring maipasa mula sa ina patungo sa sanggol sa panahon ng panganganak.

Panahon ng inkubasyon

Ang panahon ng inkubasyon ng Chikungunya virus ay mula 2 hanggang 12 araw, at karaniwang 3 hanggang 8 araw.

Pamamahala

Wala pang partikular na antiviral na gamot para sa lagnat na Chikungunya. Ang paggamot ay nakatuon sa pagpapagaan ng mga sintomas, tulad ng pag-inom ng gamot para sa lagnat, pananakit, at pagpalit ng nawawalang likido sa katawan.

Pag-iwas

Sa kasalukuyan, wala pang rehistradong bakuna laban sa lagnat na Chikungunya sa Hong Kong. Ang pinakamahusay na paraan upang makaiwas ay umiwas sa kagat ng lamok at pigilan ang pagdami ng mga ito.

Pag-iwas sa Kagat ng Lamok

1. Magsuot ng maluwag, mahaba, at damit na may maliwanag na kulay, tulad ng long sleeves at pantalon
2. Gumamit ng insect repellent na may DEET sa mga bahaging walang takip ng katawan at pati na rin sa damit.
 - Maaaring gumamit ng insect repellent na may DEET ang mga buntis at mga batang 6 na buwang gulang pataas. Sa pangkalahatan, gumamit ng hanggat 30% DEET para sa mga buntis at hanggat 10% DEET para sa mga bata
3. Magsagawa ng karagdagang pag-iingat kapag nasa labas ng bahay:
 - Iwasang gumamit ng mabangong kosmetiko o produkto sa pangagalaga ng balat
 - Magpahid muli ng insect repellent ayon sa tagubilin
 - Kung gagamit ng sunscreen at insect repellent, unahin ang sunscreen, at pagkatapos ay ang insect repellent

Pag-iwas sa pagdami ng mga lamok

1. Pigilan ang pag-ipon ng nakatiwangwang na tubig
 - Palitan ang tubig sa mga plorera isang beses sa isang linggo
 - Iwasang gumamit ng patungan sa ilalim ng paso
 - Takpan nang maigi ang mga lalagyan ng tubig
 - Siguraduhing walang naipong tubig sa drip tray ng air-conditioner
 - Itapon ang mga gamit nang lata at bote sa mga basurahang may takip
2. Kontrolin ang mga lamok at pinagmumulan ng sakit
 - Itago nang maayos ang pagkain at itapon nang wasto ang basura

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkontrol at pag-iwas sa pamumugaran ng lamok, bisitahin ang website ng Kagawaran ng Kalinisan sa Pagkain at Kapaligiran (FEHD) sa:

http://www.fehd.gov.hk/english/pestcontrol/handbook_prev_mos_breeding.html

Payo para sa mga manlalakbay

1. Magsagawa ng mga pag-iingat upang makaiwas sa kagat ng lamok. Para sa mga batang maglalakbay sa mga bansa o lugar na may mataas na kaso ng mga sakit na dala ng lamok, maaaring gumamit ng insect repellent na may DEET hanggang 30% na konsentrasyon para sa mga batang may edad 2 buwang gulang pataas. Para sa karagdagang detalye ukol sa tamang paggamit ng insect repellent, sumangguni sa '[Mga Paalala sa Paggamit ng Insect Repellent](#)'.
2. Kung bibisita sa mga apektadong lugar o bansa, magpakonsulta sa doktor hindi bababa sa 6 na linggo bago bumiyahen at magsagawa ng dagdag na pag-iingat upang maiwasan ang kagat ng lamok.
3. Kung maglalakbay sa mga liblib na lugar na may mataas na kaso ng sakit, magdala ng portable na kulambo at maglagay ng permethrin (isang uri ng insecticide) dito. Hindi dapat ilagay ang permethrin sa balat. Magpatingin agad sa doktor kung makaramdam ng anumang sintomas ng sakit.
4. Ayon sa mga siyentipikong pag-aaral, maaaring makahawa sa lamok ang isang taong may Chikungunya virus kahit hindi pa lumalabas ang sintomas o kahit wala itong nararamdaman, at maaaring magdulot ito ng pagkalat ng sakit. Kaya naman, ang mga manlalakbay galing sa apektadong lugar ay dapat gumamit ng insect repellent sa loob ng hindi bababa sa 14 na araw matapos bumalik upang maiwasan ang kagat ng lamok. Kung hindi maayos ang pakiramdam tulad ng pagkakaroon ng lagnat, agad na kumonsulta sa doktor, at ibigay ang detalye ng biyahen.

Para sa karagdagang impormasyon sa kalusugan, mangyaring Bisitahin ang Website ng Proteksyon ng Sentro para sa Kalusugan www.chp.gov.hk

Ang isinaling bersyon ay para sa sanggunian lamang. Sa kaso ng mga pagkakaiba sa pagitan ng isinalin na bersyon at Ingles na bersyon, Ingles na bersyon ang mananaig.

Translated version is for reference only. In case of discrepancies between translated version and English version, English version shall prevail.

Nirebisa noong 16 Hulyo 2025 (Revised in 16 July 2025)